34593

DepED-X
Cagayan de Oro City
DEC 26
RELEASED

Adbaysori Blg. 128, s. 2019
Disyembre 20, 2019
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
At DepEd Order 28, s. 2001, ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso;
ito ay isa lamang impormasyon para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawarannng Edukasyon at ng mamamayan.
(Bisitahin ang deped10.com)

IKA-13 SALINDUNONG PAMBANSANG KOMPERENSIYA SA FILIPINO 2020 NG MINDANAO STATE UNIVERSITY-ILIGAN INSTITUTE OF TECHNOLOGY

Ang Mindanao State University (MSU)-Iligan City Institute of Technology ay magdaraos ng **Ika-13 Salindunong Pambansang Komperensiya sa Filipino 2020** na may temang "Mga Hamon at Bisyon sa Posisyon ng Filipino at Panitikan sa ika-21 Siglong Edukasyon" na gaganapin sa MSU-Iligan Institute of Technology, Lungsod Iligan, sa Pebrero 26-28, 2020.

Ang mga layunin ng komperensiya ay ang sumusunod:

1. Mapag-usapan ang puwang ng Filipino at panitikan sa edukasyon at makapagbigay ng mabisang tagpuan upang maibahagi ang mahahalagang impormasyon kaugnay ng paggamit ng Filipino sa iba't ibang disiplina;

2. Ilahad ang iba't ibang isyu, kagawian, estratehiya, at karanasan sa pananaliksik at pagtuturo ng wika at panitikang Filipino sa mga guro, instructor, propesor, at mag-aaral sa Filipino; at

3. Makapaglaan ng pagkakataong maipaalam ang kinalabasan ng mga pananaliksik tungkol sa ibat' ibang paksa.

Ang mga mag-aaral na gradwado at di-gradwado, guro, tagapagsaling-wika, at mananaliksik ang inaasahang dadalo sa kumperensiya na ito.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa **no-disruption-of-classes policy** na nakasaad sa **DepEd Order No. 9, s. 2005** na may pamagat na **Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith**.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Mary Ann S. Sandoval, PhD
Direktor ng Kumperensiya 2020
Mindanao State University-Iligan Institute of Technology
Andres Bonifacio Avenue, Tibanga, Lungsod Iligan
Telepono: (063) 221-4050 hanggang 55 lokal 4146
Mobile: 0917-102-8280; 0920-906-1884
Email: maryann.sandoval@g.msuiit.edu.ph
cass.dfiw@g.msuiit.ph

DR. ARTURO B. BAYOCOT, CESO III
Direktor Panrehiyon

CLMD/maribao